

## FAQ (Mga Madalas na Itanong)

### Aling entrance exam ng anong high school ang kakailanganin ang listahan ng bokabularyong Inggles na ginawa ng Osaka Prefectural Board of Education?

- A. Ang bokabularyo sa listahan ng bokabularyong Inggles ay gagamitin sa basic, standard at advanced na problema ng Examinasyon ng Inggles sa mga public high school sa Osaka Prefecture. Dapat gamitin ng mga estudyanteng naghahanda para sa exam ang listahang ito sa kanilang pag-aaral. (Ilalabas ito sa website.) [http://www.pref.osaka.lg.jp/kotogakko/gakuji-g3/eng\\_sam.html](http://www.pref.osaka.lg.jp/kotogakko/gakuji-g3/eng_sam.html)

### Kailan, saan at ano ang isu-sumite para sa “Third-party test score” ng Inggles?

- A. Kailangang isumite ang original na official score certificate ng third-party exam sa junior high school kapag naghahandang mag-aplay para sa admission. Gagawa ng kopya ang eskwela at i-se-certify na totoo kopya ito. Kailangang isumite ang kopya kasama ang application form para sa admission sa high school na aaplayan.

### Kailan dapat makuha ang “Third-party test score” para sa aplikasyon?

- A. Walang patakaran kung kailan dapat kunin ang exam. Pwedeng ilang taon bago ang aplikasyon o pag mag-aaplay lang basta score ito ng aplikante.

### Kung mag-aplay para sa “Third-party test score”, pwede bang huwag nang sagutin ang English Academic Test?

- A. Kahit na nag-aplay para sa “Third-party test score”, kailangan pa ring sagutan ang Examinasyon ng Inggles. Kung hindi ito sagutan, ibig sabihin nito ay hindi kumuha ng exam at ang resulta ay bagsak sa exam. Pagkatapos kumuha ng Academic Test, ikukumpara ang score ng “Academic Test” sa “garantisadong score ayon sa Third-party test score”, at gagamitin ang mas mataas na score para sa Examinasyon ng Inggles.

### Sa ilalim ng score guarantee system, nag-iiba ba ang garantisadong score ayon sa “Third-party test score” depende sa klase ng problema?

- A. Ang garantisadong score ay pareho sa lahat ng exam ng Inggles sa Academic Test. Halimbawa ang estudyanteng nakakuha ng EIKEN Grade 2 ay garantisado ng score na 36 para sa special screening at score na 72 para sa general screening anuman ang type problema ng exam and kinuha, maging “basic na tanong”, “standard na tanong” o “advanced na tanong.”

### Para saan ang Challenge Test?

- A. Ang Challenge Test ay isang pangkaisang exam sa Osaka Prefecture para sa mga junior high school na estudyante. Binibigay ito sa mga estudyante ng junior high school para malaman nila nang tama kung hanggang saan ang kanilang nalalaman at makapag-aral sila na may layunin. Ang resulta ng Challenge Test ay ginagamit rin para siguraduhing patas ang pag-grado ng transcript of records. Ngunit ang mga estudyanteng hindi nakakuha ng Challenge Test ay pwede ring mag-apply sa admission.

#### \*Pagsasagawa at Sabjek ng Challenge Test

Year Level	Kailan Isasagawa	Sabjek
1 <sup>st</sup> year	Enero	3 sabjek: Japanese, Math, English
2 <sup>nd</sup> year	Enero	5 sabjek: Japanese, Araling Panlipunan, Math, Science, English
3 <sup>rd</sup> year	Junio	5 sabjek: Japanese, Araling Panlipunan, Math, Science, English

### Ang grado ba sa transcript of records ay determinado ng score ng Challenge Test?

- A. Ang grado sa transcript of records para sa bawat estudyante ay binibigay ng bawat junior high school batay sa pagsisikap ng estudyante sa eskwela kasama na ang classwork, homework, mga exam at iba pa. Ang mga score ng Challenge Test ay gagamitin sa pangkaisahang patakaran ng prefecture (ang “grade range” o ang “grade point average range”) para patas ang pag-grado ng entrance exam sa lahat ng junior high school sa prepektura.

#### \* Relasyon ng grado sa transcript of records at ang Challenge Test na gumagamit ng pangkaisahang patakaran ng prefecture

Baytang	Pangkalahatang Patakaran sa Prepektura	Paano ginagamit ang patakaran
1 <sup>st</sup> year, 2 <sup>nd</sup> year	Grade range	Kinukumpirma na ang Challenge test score ng bawat estudyante ay nasa loob ng “grade range” na sang-ayon sa mga grado.
3 <sup>rd</sup> year	Grade point average range	Kinukumpirma na ang “grade point average” ng bawat junior high school ay nasa loob ng “grade point average range” ng bawat junior high school.